IKALABING TATLONG KONGRESO NG REPUBLIKA )
NG PILIPINAS )
Pangalawang Regular na Sesyon )

OFFICE OF THE SECRETARY

6 FEB 20 P1:17

RECEIVED BY: 

SENADO

P.S. Res. 451

SEN. MANUEL "LITO" M. LAPID

RESOLUSYON

NAGPAPAHIWATIG NG TAIMTIM NA PAKIKIRAMAY NG KAPULUNGAN NG SENADO AT PAGHIMOK SA BAWAT KASAPI NITO NA KUSANG LOOB NA MAG-ALAY NG DONASYON UPANG MAPONDOHAN ANG PATULOY NA PAGHAHANAP SA MGA BANGKAY AT MAAARING NAKALIGTAS SA TRAHEDYA NG MALAGIM NA PAG-GUHO NG LUPA MULA SA KABUNDUKAN NG GUINSAUGON, KANLURANG LEYTE NOONG NAKARAANG IKA-17 NG PEBRERO, 2006 NA NAGING SANHI NG PAGLUBOG NG ISANG BARANGAY SA MALALIM NA PUTIKAN NA PINANINIWALAANG KUMITIL SA BUHAY NG HUMIGIT SA ISANG LIBO AT APAT NA DAANG (1,400) KATAO

SAPAGKAT, matapos ang ilang araw na magkakasunod at malalakas na pag-ulan, isang buong barangay ang naglaho noong umaga ng ika-17 ng Pebrero, 2006, nang gumuho ang lupa mula sa kabundundukan at nagbaon sa Guinsaugon, isa sa mga 30 barangay sa bayan ng St. Bernard, Southern Leyte;

SAPAGKAT, ang tinuturing na karagatan ng kaputikan na umaabot mula 30 hanggang 100 talampakan ang lalim ay kumitil sa buhay ng mahigit sa isang libo at apat na daang katao kasama ang 40 guro at 300 mag-aaral ng Mababang Paaralan ng Guinsaugon;

SAPAGKAT, karamihan sa humigit kumulang na 300 estudyante ay mga batang pinaniniwalaang nangingibabaw ang kahusayan sa matematika at iba pang akademikong pagsusulit;

SAPAGKAT, ilang araw makalipas ang trahedya, walang tigil at masinsinang paghahanap sa mga maaaring nakaligtas sa trahedya ang isinagawa ng pamahalaan kasama ang mga puwersa ng sundalo at mga dalubhasa sa pagsaklolo mula sa iba't-ibang bansa, subalit hanggang sa kasalukuyan, maliit na bilang pa lang ng mga bangkay ang natatagpuan;

SAPAGKAT, dahil mayroon pa ding natatanggap ang mga kamag-anak at kaibigan ng mga guro at mag-aaral sa gusali ng paaralang natambakan ng makapal na putik ng mga mensahe mula sa kanilang mga telepono na sila ay buhay pa at naghihintay mailigtas, malaki ang pag-asa na marami pa ding buhay ang maaaring mailigtas kung maipagpapatuloy at mapapabilis ang sinasagawang pagsaklolo.

KAPASIYAHANG IPINASISIYA, na magpahiwatig ng taimtim na pakikiramay ng Kapulungan ng Senado at paghimok sa bawat kasapi nito na kusang loob na mag-alay ng donasyon upang mapondohan ang patuloy na paghahanap sa mga bangkay at maaaring nakaligtas sa trahedya ng malagim na pag-guho ng lupa mula sa kabundukan ng Guinsaugon, Kanlurang Leyte noong nakaraang ika-17 ng Pebrero, 2006, na naging sanhi ng paglubog ng isang barangay sa malalim na putikan na pinaniniwalaang kumitil sa buhay ng humigit sa isang libo at apat na daang (1,400) katao.

**MANUEL "LITO" M. LAPID**
Senador